

Sa lahat ng Mamamayan ng Prepektura: Pagpigil sa Paglawak ng “3rd Wave” sa New Year Holiday

Nobyembre 25, 2020

1 “Upang Hindi Mahawa”: Iwasan ang mga ‘risks’ nitong new year holiday

○ Mula Sityembre, ang mga “cluster” sa prepektura ay nagmula kadalasan sa mga inuman at kainan.

○ Dadami ang mga high-risk na sitwasyon tulad sa mga Year-end Party, New Year’s Party na kasama ang mga kamag-anak, “Coming-of-Age Ceremony” after-party, atbp.

⇒ **Nitong new year holiday, lubusang iwasan ang mga high risk na sitwasyon tulad ng inuman at kainan ng malaking bilang ng mga tao (5 o higit pa) maliban sa mga kasambahay at inuman at kainan na may aliwan, atbp. Palaging magsuot ng mask bago at pagkatapos kumain.**

2 “Upang Hindi Maka Hawa”: Sa oras na sumama ang pakiramdam, STOP all activities

○ Dumami ang impeksyon sa prepektura dahil sa mga lumalabas kahit na masama ang pakiramdam.

○ Halimbawa na lamang ang mga kaso sa pagdiriwang ng “Obon” noong summer, kung saan ang mga taong may masamang pakiramdam ay umuwi sa bayan at naka hawa sa kanilang pamilya.

⇒ **Kung naramdaman na hindi maganda ang pakiramdam, iwasan na ang paglabas-labas, pagpasok sa trabaho at paaralan. Agad na kumunsulta sa medikal na institusyon.**

⇒ **Iwasan din umuwi sa bayan nitong New Year holiday kung hindi maganda ang pakiramdam.**

3 “Pagulit-ulit ng Basics”: Mask , Paghugas ng Kamay,

Tamang Distansya

○ Ang winter ay dry season kung saan ang iba’t ibang mga nakakahawang sakit ay mabilis kumalat.

⇒ Maaaring ikaw rin ay isang “asymptomatic infected” na tao. Kaya’t kailangan palaging naka mask. Siguraduhing maghugas ng mga kamay pagkagaling sa labas, bago at pagkatapos kumain, at kapag humawak ng mga bagay sa labas.

4 “Magtulungan”: Protektahan ang sarili sa bahay at sa trabaho

○ Malaki ang posibilidad na kumalat ang impeksyon sa mga pamilyar na lugar tulad ng sa trabaho at sa bahay.

⇒ Magtalaga ng “Gifu Corona Guard” sa trabaho at sa bahay upang mag-check araw-araw kung ginagawa ng bawat isa ang pag-iwas sa impeksyon tulad ng pagkuha ng temperature, paggamit ng mask, paghuhugas ng kamay, atbp. Isaisip ang pag-iingat sa sarili.

5 “Virus ang Kalaban”: STOP “COVID-19 Harassment”

○ May pag-aalala rin na sa pagdami ng infected na tao, darami rin ang magiging kaso ng COVID-19 Harassment.

⇒ Ipaalam sa trabaho, paaralan at tahanan na bumubuo tayo ng isang lipunan na hindi nagpapahintulot ng “COVID-19 Harassment” sa mga taong nahawahan, sa kanilang pamilya, organisasyong kasapi, nasyonalidad, atbp.

⇒ Kung naka ramdam ng COVID-19 Harassment, nakita o naririnig ito, agad na kumunsulta sa Consultation desk.

※ Ireport sa Legal Affairs Bureau ang mga pinaghihinalaang may violation sa Human rights.

Prefectural Human Rights Awareness Center

【058-272-8252】